

# Ang Plano Para sa Inyong Teenager o Young Adult

Suporta para sa Pagbuo ng Plano Para sa Inyong Anak (Edad 14-22) Ayon sa Kanyang Pangangailangan

Individual Program Plan (IPP)

DDS Department of Developmental Services



# *Pagbuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa Inyong Anak ayon sa Kanyang Pangangailangan*

Ang apat na bahaging gabay na ito ay dinisenyo upang makatulong sa mga pamilya na bumuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa kanilang teenager o young adult (edad na 14-22). Kabilang dito ang isang workbook upang makatulong sa mga pamilya na tukuyin ang mga ninanais, kagalingan at pangangailangan at hangarin ng kanilang teenager o young adult. Makakahanap rin kayo ng mga tip para sa bago, panahon ng, at pagkatapos ng planning meeting. Mayroon ding impormasyon tungkol sa serbisyo hatid nang pagdating sa hustong gulang o adulthood ng inyong anak.


## Mga Pagkilala

Ang materyal sa gabay na ito ay batay sa **It's My Choice (Minnesota Governor's Council on Developmental Disabilities)** at **More Than A Meeting (California Department of Developmental Services - DDS)**

Espesyal na pasasalamat kay Colleen Wieck at sa Minnesota Governor's Council on Developmental Disabilities para sa pahintulot na iakma ang ilan sa nilalaman at format ng *It's My Choice* para sa gabay na ito sa California.

Salamat din kina William Allen ng Allen, Shea & Associates at Mary Lou Bourne ng Person Centered Consulting para sa kanilang pagsusumikap sa gabay na ito.

*Lisensya sa larawan:*

*Alagad ng Sining na si Tracey Mensch, "Paru-paro" (2020)*

# MGA NILALAMAN

**Tungkol sa Gabay na ito** pahina 2

**Bago Kayo Magsimula** pahina 3

**Bahagi 1** Paghahanda sa Pagbuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa Inyong Teenager o Young Adult pahina 5

- **Tungkol sa Iyong Teenager o Young Adult** pahina 8
- **Bahagi 1.5** Pagpaplano sa Pagbabago Hatid ng Pagdating sa Hustong Gulang o Adulthood pahina 17

**Bahagi 2** Bago ang Inyong IPP Meeting pahina 24

**Bahagi 3** Sa Panahon ng Inyong IPP Meeting pahina 29

**Bahagi 4** Pagkatapos ng IPP Meeting pahina 36

**Mga Tala** pahina 42



# TUNGKOL SA GABAY NA ITO

Ang gabay na ito ay para sa mga pamilyang mayroong teenager o young adult na nasa edad na 14 hanggang 22 na may kapansanang intelektwal o debelopmental at naka-enrol sa isang Regional Center sa pamamagitan ng Lanterman Act. Isinulat ang gabay na ito upang makatulong sa mga teenager o young adult, at sa kanilang mga magulang, tagapag-alaga o iba pang miyembro ng pamilya na matukoy at maitala ang mga ninanais, kagalingan, at layunin ng kanilang teenager o young adult.  Mahalaga ang lahat ng bahaging ito sa paglikha ng epektibong Individual Program Plan.  Ang gabay na ito ay tutulong din sa inyo na:

- Pag-isipan kung ano ang gusto ninyong talakayin sa panahon ng proseso ng IPP, at kung paano tumuon sa mga bagay na pinakamahalaga sa inyong teenager o young adult at sa iyong pamilya, at matukoy ang mga pangangailangan ninyo.
- Ibahagi ang mga ninanais para sa inyong teenager o young adult batay sa inyong kultura, gamit ang gusto ninyong wika sa pagbuo ng plano.
- Malaman ang mga karapatan ng iyong pamilya at ang kahalagahan ng paggamit ng iyong mga karapatan sa proseso ng pagpaplano.
- Rebyuhin ang plano ng iyong teenager o young adult upang matiyak na ipinapakita nito ang kanyang mga ninanais at pangangailangan, at ang pinamakamahusay na paraang pagsuporta sa kanya.



# BAGO KAYO MAGSIMULA

## MADALING UNAWAIN

Ang gabay na ito ay isinulat gamit ang mga pangkaraniwang salita upang madaling ipaliwanag at maunawaan ang mga bagay-bagay. Ito ay nagpapakita ng paggalang sa lahat. **Ang mga taong may kapansanang depelopmental at ang kanilang mga pamilya, kaibigan at tagapagtaguyod ay dapat may kaparehong ACCESS sa impormasyon tulad ng iba.** Ang pag-access ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng impormasyon kapag kailangan ito, at pag-unawa sa kung ano ang nakasulat upang:

- Ang mga taong may kapansanang depelopmental na marunong magbasa ay makapagbasa at makagamit nito.
- Ang mga pamilya at kaibigan na nagtataguyod sa mga hindi marunonng bumasa ay madaling makapagpaliwanag nito.
- Madali itong maisalin sa ibang wika at mapanatili ang original na kahulugan nito.
- Lahat tayo ay makaunawa sa impormasyon sa parehong paraan.

## TANDAAN TUNGKOL SA KULTURA

Sa buong gabay, makikita mo ang simbolong ito. Ipinapakita nito sa inyo ang mga tanong na maaaring makatulong sa iyo na magbahagi ng mga bagay na mahalaga sa inyo tungkol sa kultura at identitdad ng iyong teenager o young adult at pamilya. Kapag nakita ninyo ang simbolo, ibahagi ang iyong mga saloobin tungkol sa kultura at identidad na mahalaga sa pag-unlad ng iyong teenager o young adult.

## TANDAAN TUNGKOL SA WIKA

ang gabay na ito ay gumagamit ng first person at kumikilala sa unang wikang natutunan. Anuman ang gusto ninyong gamiting wika, lahat ay sumasang-ayon sa kahalagahan ng inyong teenager o young adult sa proseso ng IPP. Kapag pinag-uusapan ang tungkol sa mga indibidwal sa pagitan ng edad na 14 at 22, gagamitin natin ang mga salitang **"teenager o young adult."** Kapag pinag-uusapan ang tungkol sa tagapag-alaga, magulang o iba pang mga responsableng tao na nasa hustong gulang at nasa buhay ng inyong anak, gagamitin natin ang salitang "**pamilya.**" Sabihin sa iyong service coordinator kung anong mga salita ang pipiliin ninyo na kakatawan sa inyo at sa inyong teenager o young adult.

# Ilang salita at terminong ginamit sa IPP Meeting

| Salita o Termino | Ano ang Ibig Sabihin nito |
|---|---|
| **BAHAGI NG BUHAY** | Isang aspeto ng buhay ng isang teenager o young adult kung saan maaaring kayong magkaroon ng mga hangarin tulad ng *trabaho, mga relasyon, o pakikilahok sa komunidad.* |
| **PANGANGAILANGAN** | Sinasabi nito kung ano ang kailangan ng isang tao (tulad ng mga serbisyo at suporta) upang makamit ang isang hangarin. |
| **RESULTA** | Ito ang aktwal na nangyayari sa isang hangarin, tulad ng *Mag-isang nagbibihis si Jerry* o *Si Monique ay nakatira sa sarili niyang apartment.* |
| **PANGMAIKLING PANAHON at PANGMATAGALANG PANAHON NA MGA LAYUNIN** | Ang ibig sabihin ng pangmaikling panahon ay magaganap ito sa nalalapit. Pagkalipas ng isang taon o mas maaga. Ang ibig sabihin ng pangmatagalang panahon ay isang bagay sa hinaharap, tulad ng dalawa hanggang dalawampung taon. |
| **SERVICE COORDINATOR** | Ang service coordinator ay ang taong mula sa regional center na tutulong sa inyo na malaman ang mga serbisyo at suporta na kinakailangan ng inyong teenager o young adult upang makamit ang panandalian at pangmatagalang mga layunin ng inyong pamilya. |
| **MGA TAGUMPAY/ KAGALINGAN** | Sinasabi nito kung ano ang mabuti o gustong gawin ng isang tao, pag-unlad sa mga layunin noong nakaraang taon, o mga bagong bagay na natutunan nila. |
| **PAGPAPLANO PARA SA PAGDATING SA HUSTONG GULANG O ADULTHOOD** | Pagpaplano na sumusuporta sa isang teenager o young adult sa mga desisyon tulad ng lugar na matitirhan, ibang paaralan, paaralan patungo sa trabaho o isang programa para sa nasa hustong gulang. |

Kung may iba pang salita o terminong ginamit sa IPP na gusto ninyong itanong sa inyong service coordinator, isulat ang mga ito at itanong:



# Bahagi 1 (Unang Bahagi)

## Paghahanda sa Pagbuo ng IPP ng Inyong Teenager o Young Adult Ayon sa Kanyang Pangangailangan

## Ano ang Pagpaplano Ayon sa Pangangailangan ng Inyong Teenager o Young Adult?

Ang **Pagpaplano Ayon sa Pangangailangan ng Inyong Teenager o Young Adult** ay isang paraan para masabi ng iyong pamilya kung ano ang pinakamahalaga sa iyong anak. Nagsisimula ito sa pag-uusap sa pagitan ng mga magulang at iba pang mga tagasuporta tulad ng isang guro, kaibigan, o ibang tao sa buhay ng iyong anak. Mailalarawan ninyo ang:


- Mga hangarin sa buhay ng inyong anak at kung anong suporta ang makakatulong sa kanya na makamit ang mga hangaring iyon.
- Ano ang nais gawin ng inyong anak para sa kasiyahan.
- Saan magaling ang inyong anak at ang mga talentong na sa palagay niya ay mayroon siya.

Ang pag-uusap ay nakakatulong upang malaman kung saan nag-ienjoy ang inyong anak at kung ano ang nakakahadlang sa inyong pamilya na mamuhay ayon sa gusto ninyo sa inyong piniling komunidad. Dapat itong gawin sa isang paraang kagalang-galang at makikinig sa mga ideya ang isa't isa.

Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan tungkol sa person-centered planning ay:

- Kayo at ang inyong anak ang mga eksperto sa kanyang buhay.
- Ang inyong pamilya ang gagawa ng desisyon.
- Kung paano gustong mamuhay ng inyong pamilya ang dapat mailarawan sa katapusan ng pagpaplano.





# Ang Pagpaplano Ayon sa Pangangailangan ng Inyong Teenager o Young Adult at ang Inyong Individual Program Plan (IPP)

(mula sa **A Consumer's Guide to The Lanterman Act**)

Ang Lanterman Act ay ang batas ng California na nangangako ng mga serbisyo at suporta sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya. Ang mga serbisyo at suportang ito ay inaalok sa pamamagitan ng 21 regional center at kanilang mga tagapagbigay ng serbisyo. Ang Individual Program Plan (IPP) ay isang kasunduan sa pagitan ng inyong teenager o young adult at pamilya at ng regional center. Ang IPP ay napakahalaga dahil tinatala nito ang mga hangarin ng inyong anak, kasama ang mga serbisyo at suporta na maaaring matanggap sa regional center. Ang gabay na ito ay tutulong sa inyo sa paghahanda sa miting na iyon.

Ang inyong service coordinator sa regional center ay magpaplano ayong sa pangangailangan ng inyong teenager o young adult at makikipagtulungan sa inyo para sa susunod na IPP ng iyong anak. Ang bagong IPP ay maglalaman ng mga:

- Mahahalagang bagay **tungkol sa inyong anak** at **impormasyon tungkol sa IPP meeting**
- Paano **nakikipag-usap ang inyong anak** at ang inyong **layunin para sa kanyang kinabukasan**
- Paano matututo ang inyong anak na **magdesisyon** at ang **mga bahagi ng buhay** na mahalaga sa kanya
- Ano ang gagawin sa isang **emergency**

**Ang mga aktibidad at mga checklist na nilalaman ng gabay na ito ay ginamit sa sari-saring paraan. Ang alinman sa mga material ay maaaring kopyahin o palitan upang matugunan ang inyong mga pangangailangan.**

# Tungkol sa Inyong Teenager o Young Adult

## Ang workbook na ito ay tungkol sa:

### Tungkol saan ito?

Sa susunod na ilang pahina, magkakaroon ka ng pagkakataon na pag-isipan ang buhay ng inyong teenager o young adult.  Ito ay isang pagkakataon na maiuslat ang mga bagay na mahalaga sa kanya at ang mga uri ng suporta na kailangan niya sa araw-araw na buhay.  Sa bawat pahina, makikita ninyo ang ilang tanong tungkol sa iyong anak at ang lugar na pagsusulatan ng mga dapat tandaan.


Mabuting dalhin ang impormasyon na ito sa inyong susunod na planning meeting upang matulungan kayo at ang inyong service coordinator na bumuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa inyong anak.

Puwede ring gamitin ang impormasyon na ito upang maisulat ang **isang pahinang paglalarawan** na magagamit sa bahay, paaralan, at/o sa anumang serbisyo na sumusuporta sa inyong anak.

**Tandaan:**  Ito ay isa lamang paraan upang masimulan ang pagbuo ng isang IPP. Tingnan ang **Isinulat** sa dulo ng gabay na ito para sa isang talaan ng iba pang mga paraan sa pagsisimula ng plano o magtanong sa inyong service coordinator tungkol sa local resources.

## Mga taong mahalaga sa buhay ng inyong teenager o young adult

Isipin ang mga taong malapit ang loob ng inyong anak. Maaaring sila ang nilalapitan ng inyong anak para sa tulong o pinakanatutuwa ang inyong anak sa kanila. Mga taong lubos na nakakakilala sa inyong anak, at nagmamalasakit sa kanya. Ito ang mga taong maaaring makatulong sa inyo sa paglalarawan kung ano ang mahalaga sa inyong anak. Isulat ang kanilang mga pangalan sa de-kulay na bilog na nakapaligid sa Ang Inyong Teenager o Young Adult. Maaaring kabilang dito ang mga kamag-anak, mga taga paaralan, mga kaibigan, at mga kapitbahay. Imbitahan sila na ibahagi ang kanilang mga iniisip habang sinasagutan ninyo ang mga tanong sa sumusunod na mga pahina.



## Pagpapahalaga at Pagpaparangal sa Inyong Teenager o Young Adult

Dito ay pag-uusapan ang magagandang bagay na pinahahalagahan ninyo at ng iba tungkol sa inyong anak.  Maaaring kabilang sa inyong mga isnulat ang:

- Mga positibong katangian, kagalingan, at talento
- Ano ang gusto ninyo at ng iba tungkol sa iyong anak
- Ano ang ginagawa ng inyong anak upang mapangiti ang ibang tao
- Ano ang hinahangaan o ina-appreciate ninyo at ng iba tungkol sa iyong teenager o young adult

## Inyong mga Isinulat

# Ang Mahalaga Sa Inyong Teenager o Young Adult

Ano ang mahalaga sa inyong anak mula sa kanyang pananaw:

- Mga bagay-bagay sa buhay na nakakatulong sa inyong anak na makaramdam ng kasiyahan, pagkakuntento, kaginhawaan, katuparan at kaligayahan
- Mga taong gusto niyang makasama, o mga relasyon na lubos niyang inaasahan
- Mga bagay na gagawin at mga lugar na pupuntahan (mga hobby/interest, kailan at gaano kadalas)
- Mga nakaugaliang gawain o pamamaraan
- Ang kanyang identidad, mga pangkat ng mga taong gusto niyang makaugnayan
- Ang mga bahagi ng kanyang heritage na talagang nakaka-relate siya

## Inyong mga Isinulat

### Mahalaga Para sa Inyong Teenager o Young Adult

Ito ang mga bagay na nakikita ninyo at ng iba na mahalaga upang suportahan ang inyong anak para:

- manatiling ligtas at malusog;
- manatiling malaya at buo ang loob sa pananakot o pambu-bully;
- maging isang mahalaga at nakakatulong na miyembro ng komunidad na pinili niya; at,
- matutong harapin ang pananagutan.

## Inyong mga Isinulat

## Ano ang kailangang malaman ng mga tao para masuportahan ang inyong teenager o young adult?

- Anong suporta ang makakatulong?
- Anong impormasyon ang kailangan ng mga tao upang masuportahan ang inyong anak?
- Anong mga bahagi ang nangangailangan ng ibang uri ng suporta?
- Anong mga skill o expertise ang kailangan?
- Anong uri ng tao ang pinakamadaling maka-relate at pinakamagaling na makipagtulungan sa inyong anak?
- Ano ang makakatulong sa ibang tao sa pakikipag-usap sa inyong anak?

# Inyong mga Isinulat

Magagamit ang impormasyong itinala ninyo rito upang makagawa ng **Isang Pahinang Paglalarawan**. Magagamit ito bilang isang resource sa mga kasambahay, programa at pansuportang staff. **Tingnan ang pahina 15 para sa karagdagang impormasyon.**

# Ang Layunin para sa Hinaharap

- Ano ang inyong mga plano sa hinaharap at mga hangarin para sa pangmatagalang panahon para sa inyong teenager o young adult?
- Ano ang nais ninyong magawa ng inyong anak kapag siya ay nasa hustong gulang na at nakapagtapos ng pag-aaral?
- Ano ang larawan ng isang posibleng magandang buhay para sa inyong anak? Saan siya titira? Mag-aaral o magtratrabaho? Magiging aktibo sa sa komunidad? Mga relasyon? Mga serbisyo at suporta?
- Anong mga hakbang ang kailangang gawin ninyo at ng iba upang makatulong sa inyong anak na makamit ang mga hangaring ito?

# Inyong mga Isinulat

Ang layunin para sa hinaharap ay makakatulong sa inyo sa paggawa ng mga hangarin para sa pangmatagalang panahon at magagamit sa IEP ng paaralan at sa IPP ng regional center. Tingnan ang **Inyong Mga Isinulat** sa dulo ng gabay na ito para sa iba pang paraan upang makalikha ng isang layunin para sa hinaharap. Pag-isipan ang muling pagbisita sa inyong layunin kada taon upang makita ang pag-usad nito at mabago kung kinakailangan.

# Isang Pahinang Paglalarawan

Kapag may panahon kayo, pag-isipan ninyong kunin ang impormasyon mula sa**Tungkol sa Inyong Teenager o Young Adult** upang makumpleto ang isang pahina ng paglalarawan. Sa pahinang ito ay isang ejemplo ng paglalarawan para kay Sophie. Ginagamit ito ng kanyang mga magulang bilang isang panimula sa kanyang mga bagong guro sa middle school. Magagamit rin ninyo ito sa maraming paraan. Halimbawa, kapag magsisimula ang inyong teenager o young adult ng bagong taon sa paaralan, ay sumasali sa isang club o sa bagong sports team, o magtra-transisyon tungo sa bagong paaralan, adult services, o bahay.

Ang layunin ay itaguyod ang suporta na nakatuon sa pangangailangan ng tao anuman ang kapaligaran. Nasa susunod na pahina ang magagamit ninyong paglalarawan sa inyong anak, na sinusundan ng isang checklist upang suportahan ang iyong teenager o young adult sa kanyang transition planning paglipat.

Ang isang pahinang ng mga profile o paglalarawan ay unang binuo ni Helen Sanderson at The Learning Community for Person Centered Thinking.


**Isang Pahinang Paglalarawan para kay: Sophie**

**Ano ang gusto at hinahangaan ng mga tao sa akin:**

- Masarap akong kasama
- Gumagawa ako ng mga sariling desisyon
- Nangunguna ako sa pagpaplano ng mga meeting
- Ipinapaalam ko sa iba kung ano ang gusto ko
- Mahilig akong magbasa
- Hindi ko hinahayaang maapektuhan ako ng mga bagay-bagay

**Paano ako pinakamahusay na masusuportahan ng iba:**

- Maglaan ng oras para makilala ako
- Bigyan ako ng oras upang magsanay ng mga bagong gawain
- Bigyan ako ng pagkakataong magpaliwanag kung bakit ako nagagalit
- Hikayatin akong lumahok sa mga aktibidad sa paaralan
- Ipaalala sa akin na inumin ang aking gamot sa seizure
- Alamin ang aking seizure plan at maging handa na gamitin ito
- Mahiyain ako at kailangan ng panahong masanay sa mga bagong guro at ibang estudyante



**Ano ang mahalaga sa akin:**

- Paggawa ng sarili kong mga desisyon
- Pagpunta sa aklatan
- Mga outdoor activies sa paaralan at sa bahay
- Pagkakaroon ng suporta para sa aking mga seizure
- Ang aking pamilya, mga kamag-anak at mga kaibigan mula sa dating kapitbahayan
- Pagbisita sa kapatid ko sa kolehiyo
- Pagpunta sa mga sports even sa paaralan
- Mga taong tapat sa akin at nakakaintindi sa akin
- Pagpunta sa summer camp
- Makumpleto ng mahusay ang mga gawain
- Alamin kung saan at sino ang tutulong sa akin kung kailangan ko ito

# Halimbawa ng Isang Pahinang Paglalarawan

**Isang Pahinang Paglalarawan para kay:**

**Magdagdag ng litrato**

**Ano ang nagugustuhan at hinahangaan ng mga tao tungkol kay**

**Ano ang mahalaga kay**

**Paano pinakamahusay na masuportahan si**



# Bahagi 1.5

## Paghahanda: Transition Planning

**Tandaan:** Kung pinag-iisipan ninyo ang pag-transisyon mula sa paaralan patungo sa adult services para sa inyong teenager o young adult, ang seksyong ito ay para sa inyo.  Kung nakagawa na kayo ng transition plan o hindi pa kayo handa, maaaring lumaktaw at pumunta sa Bahagi 2 (Ikalawang Bahagi).

# Transition Planning kasama ng Inyong Regional Center Team

Kapag ang inyong anak ay tumuntong na sa middle school, mabuting pag-isipan na ang pag-transisyon mula sa paaralan. Ang paaralan ng inyong anak ay namamahala sa pagbuo ng isang Individual Transition Plan bilang bahagi ng Individual Education Plan (IEP). Gayunpaman, maaari ninyong simulan ang transition planning mula sa paaralan kasama ng inyong IPP team sa regional center.  Narito ang ilang bagay na dapat ninyong pag-isipan o pag-usapan ng inyong service coordinator at IPP planning team.

**Pag-isipang idagdag sa IPP ng inyong teenager o young adult ang mga sumusunod:**

- Isang layunin para sa hinaharap at ang mga hangarin upang masuportahan ang layunin na iyon.
- Kung paano alamain at matutong gumamit ng pampublikong transportasyon at bumiyahe kung kailangan.
- Mga layunin tungkol sa kaligtasan sa komunidad at kung paano magkakaroon ng tulong kung mayroong emergency.

**Itanong sa iyong planning team ang tungkol sa:**

- Mga mapagkukunang pinansyal para sa inyong anak, tulad ng Social Security, SSI/SSP, o Medi-Cal.
- Mga opsyon sa paninirahan tulad ng mga lisensyadong tahanan, supported living services o independent living services, at Seksyon 8.
- Mga opsyon sa pagtatrabaho, adult day at vocational services.
- Mga Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan, Power of Attorney, Awtorisasyon ng Kinatawan, Mga Trust sa mga Espesyal na Pangangailangan at mga conservatorship.

**Alamin pa ang tungkol sa mga oportunidad sa paaralan at komunidad:**

- Mga aktibidad sa komunidad na makukuha sa mga lokal Parks and Recreation Department.
- Mga programang pang-edukasyon at transition programs na makukuha sa inyong paaralan.
- Community Colleges at mga unibersidad.
- Pagboboluntaryo at mga aktibidad sa serbisyo sa komunidad.
- Mga ID card mula sa DMV, pagpaparehistro para makaboto.
- Pagrehistro para sa Selective Service.

Hinango mula sa **Transition Fact Sheet** ng North Bay Regional Center.

# Mga Regional Center at Paaralan na Nagtutulungan sa Transisyon

Ang layunin sa pagtutulungan ng mga regional center at mga paaralan ay upang matiyak ang isang maayos na transisyon sa pamumuhay ng mga mag-aaral na may mga kapansanan kapag dating nila sa hustong gulang. Narito ang ilang paraan kung saan maaaring magtulungan ang mga regional center at paaralan sa mga plano sa transisyon:

- **Mga Liaison sa Transisyon:** Ang mga regional center ay maaaring makipagtulungan sa mga lokal na distrito ng paaralan upang matulungan ang mga bata sa pagtransisyon mula sa elementary and high school patungo sa adult services.
- **Mga Individual Program Plan (mga IPP):** Makakatulong ang mga regional center sa pagbuo ng mga IPP na naglilista ng mga serbisyo at suporta para sa mga pangangailangan at kagustuhan ng isang mag-aaral. Ang IPP meetings ay ayon sa pangangailangan ng isang indibidwal at ito ay nakatuon sa kanyang mga piniling suporta at serbisyo.
- **Kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya:** Ang mga tauhan ng paaralan at mga kinatawan ng komunidad ay maaaring magtulungan upang lumikha ng mga koponan na tutugon sa mga isyu na may kaugnayan sa transisyon pagkatapos ng high school.
- **Mga tagapayo ng Department of Rehabilitation (DOR):** Ang mga tagapayo ng DOR ay maaaring tumulong sa pagpaplano sa transisyon tungkol sa trabaho, kabilang ang paglikha ng isang Individualized Plan for Employment.

Makakatulong rin sa pagpaplano sa transisyon ang mga sumusunod:

- **Palatandaan para sa Tagumpay (Guideposts for Success)**: Isang dokumento na tumutukoy sa mga pangunahing interbensyon sa pag-unlad ng edukasyon at karera.
- **Patakaran sa Trabaho Muna (Employment First Policy)**: Mga resource at patnubay na makakatulong sa mga kabataan na bumuo ng mga layunin pagkagraduate sa high school.

## Pag-isipang Idagdag sa IPP at IEP ng Inyong Teenager o Young Adult ang Transition Skills

Ang pagtransisyon mula sa pag-aaral patungo sa pagtanda (adulthood) ay mahirap para sa lahat ng estudyante. Mayroong ilang bagay na maaaring gawin upang mas madali ang transisyon. Maaaring ibilang ang mga transistion skills na sumusunod:

- **Pangangalaga sa sarili:** Pang-araw-araw na pangangalaga sa sarili, sa ngipin, sa mga mata, sa kalusugan, sekswalidad at kalusugan ng pag-iisip.
- **Pamamahala ng pera:** Pagbabadyet, paglista sa mga gastos, pagbibilang ng sukli, at pagbubukas ng checking account.
- **Mga kasanayan sa sambahayan:** Pagpaplano ng pagkain, pagluluto, paglalaba, pag-recycle, at paglilinis.
- **Mga kasanayan sa pakikisalamuha:** Mabisang pakikipag-usap, pagbuo ng mga relasyon, pag-unawa sa mga sitwasyon ng pakikisalamuha, at pakikipag-date.
- **Pagtataguyod sa sarili:** Pag-unawa kung paano nakakaapekto sa iyo ang iyong kapansanan at ang magsalita para sa iyong sarili.
- **Paglutas ng problema:** Paglutas ng mga karaniwang problema sa pang-araw-araw na buhay.
- **Kaligtasan:** Pananatiling ligtas sa komunidad at pagprotekta sa iyong privacy.
- **Transportasyon:** Mag-aral magmaneho at gumamit ng pampublikong transportasyon.
- **Mga kasanayang bokasyonal:** Mga kasanayan sa computer, etiketa sa trabaho, at mga kasanayan sa pag-aaral.

Kasama sa sumusunod na pahina ang ilang tip para sa transition skills.

# Mga Tip sa Pagtuturo ng Transition Skills

**Mahalagang pag-isipan** — mga paraan upang madagdagan ang mga pagkakataon ng inyong teenager o young adult na matuto ng mga kasanayan sa kanyang transisyon at matiyak na ang mga ito ay nakasulat sa kanyang IPP.

**Ang plano ng inyong teenager o young adult ay dapat maglista ng**— mga suporta at serbisyo na tutulong sa kanya na matutunan kung paano maabot ang kanyang mga layuni sa transisyon — tulad ng pagsakay sa bus, pagbibihis, o pakikisama sa iba.

Ang mga teenager at young adult ay madalas na natututo ng mga bagong kasanayan mula sa mga nakapaligid sa kanila, at sa mga lugar kung saan ang mga kasanayang iyon ay ginagamit. Ang mga sumusunod ay ilan pang halimbawa.

- **Kapag ginagamit ang totoong item** — tulad ng paggamit ng totoong pera kapag bumibili ng isang bagay sa tindahan.
- **Kapag natututunan ang mga bagong kasanayan kung saan nangyayari ang mga ito**—tulad ng kung paano sumakay ng bus para makarating sa paaralan o pag-aaral na magluto sa pamamagitan ng pagtulong sa paghahanda ng mga pagkain.
- **Mula sa panonood ng ibang tao** — tulad ng mga gawaing-bahay sa pamamagitan ng panonood o pagtulong sa ibang tao sa bahay.
- **Kapag ang mga bagay na natutunan ay kapaki-pakinabang**— tulad ng paggamit ng smartwatch o computer, pakikipaglaro sa ibang kabataan o pagbibisikleta.

# Checklist para sa Transition Planning mula sa Paaralan patungo sa Adult Services

Maaari ninyong gamitin ang checklist kasama ang **isang-pahinang paglalarawan** at **layunin para sa hinaharap** upang matulungan kayo at ang inyong teenager o young adult sa transition planning. Mag-usap kayo at ng inyong teenager o young adult ang nilalaman ng checklist. Maaari itong dalhin sa mga pagpupulong tungkol sa IEP sa paaralan at IPP sa regional center para sa isang plano ayon sa pangangailangan ng inyong anak. Magagamit rin ito upang masagutan ang **Mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng mga Layunin** para sa iyong susunod na IPP meeting sa pahina 25. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo, tanungin ang iyong kinatawan ng paaralan o regional center.

## Pabahay

*Paano mo gustong mamuhay pagkatapos magtapos sa pag-aaral?*

- [ ] sa bahay kasama ang pamilya?
- [ ] nang nagsasarili?
- [ ] may ka-roommate?
- [ ] iba pa:

*Mga bagay na maaaring gusto mo ng karagdagang impormasyon:*

- [ ] sarili mong tahanan
- [ ] adult foster care
- [ ] supported living
- [ ] panggrupong tahanan (group home)
- [ ] mga kinakailangang pagbabago sa tahanan
- [ ] iba pa:

## Mga Suporta sa Tahanan

*Kailangan mo ba ng suporta para pangalagaan ang iyong sarili?*

- [ ] pagsakay ng bus?
- [ ] paglalaba?
- [ ] pagbili ng pagkain?
- [ ] pagbabayad ng mga bayarin?
- [ ] pagluluto at paglilinis?
- [ ] iba pa:

*Mga bagay na maaaring gusto mo ng karagdagang impormasyon:*

- [ ] kasanayan sa pakikisalamuha
- [ ] pamamahala ng pera
- [ ] personal na pangangalaga
- [ ] pamamahala ng sambahayan
- [ ] iba pa:

## Pangangalaga sa Kalusugan/Kagalingan

*Kailangan mo ba ng suporta upang manatiling malusog?*

- [ ] pag-inom ng gamot?
- [ ] pagkain ng malusog at pananatiling aktibo?
- [ ] papunta at pag-uwi mula sa doktor?
- [ ] iba pa:

*Mga bagay na maaaring gusto mo ng karagdagang impormasyon:*

- [ ] pangangalaga sa ngipin
- [ ] insurance para sa kalusugan
- [ ] pagpapatingin sa doktor upang maiwasan ang pagkakasakit
- [ ] pisikal na aktibidad/ehersisyo
- [ ] nutrisyon
- [ ] sekswalidad
- [ ] kapansanan at espesyal na pangangalaga sa kalusugan
- [ ] iba pa:

# Checklist para sa Transition Planning mula sa Paaralan patungo sa Adult Services (Ipinagpapatuloy)

## Trabaho

*Maghahanap ka ba ng trabaho o mga pagsasanay?*

- ☐ kailangan mo ba ng tulong sa paghahanap ng trabaho?
- ☐ kailangan mo ba ng tulong para manatili sa iyong trabaho?
- ☐ mayroon bang mga pagsasanay na maaaring makatulong sa iyo sa paghahanap ng trabaho?

*Mga bagay na maaaring gusto mo ng karagdagang impormasyon:*

- ☐ supported employment
- ☐ community based trainings
- ☐ mga programa sa community college
- ☐ adult education
- ☐ pagboboluntaryo
- ☐ iba pa:

## Personal/Emosyonal na Pag-unlad

*Anong mga uri ng suporta ang kakailanganin mo mula sa iba?*

- ☐ para makita ang mga kaibigan at pamilya?
- ☐ para sa mga aktibidad sa komunidad at libangan?
- ☐ para makipag-date?

*Mga bagay na maaaring gusto mo ng karagdagang impormasyon:*

- ☐ personal na tagabantay/assistant
- ☐ komunidad ng pananampalataya
- ☐ mga aktibidad ng pakikisalamuha at libangan
- ☐ buhay-pampamilya
- ☐ social media
- ☐ iba pa:

## Desisyon/Adbokasiya

*Anong mga uri ng suporta ang kailangan mo para itaguyod ang iyong sarili?*

- ☐ pagsasanay sa pagpapahayag ng sarili?
- ☐ pag-unawa sa mga karapatan?
- ☐ pag-unawa sa mga benepisyo?

*Mga bagay na maaaring gusto mo ng karagdagang impormasyon:*

- ☐ mga grupong nagtataguyod sa sarili (self-advocacy groups)
- ☐ pagpapayo
- ☐ legal na tulong
- ☐ pagboto
- ☐ iba pa:



# Bahagi 2 (Ikalawang Bahagi)

## Bago ang Inyong IPP Meeting

# Mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng Layunin sa Inyong IPP Meeting

Sa panahon ng inyong pagpupulong para sa IPP, kayo at ang inyong kabataan ang mamamahala sa pagtatakda ng isa o ilang layunin ng IPP. Ang mga layuning iyon ay nababagay sa isa o higit pa sa mga bahagi ng buhay sa ibaba batay sa iyong nalalaman tungkol sa mga lakas at pangangailangan ng suporta ng iyong nakababatang nasa hustong gulang. Magbalik-tanaw sa **Inyong Mga Isinulat** mula sa **Tungkol sa Iyong Teenager o Young Adult** at, kung nakumpleto mo ito, ang **Transition Checklist** at suriin ang mga aspeto ng buhay sa ibaba na pinakamahusay na sumasaklaw sa kung ano ang iyong naitala.

| Bahagi ng Buhay | | Mga Layunin na Maaaring Gusto Ninyong Pag-usapan |
|---|---|---|
| **Pinili/ Adbokasiya** | ☐ | Mga pagpipilian at desisyon na inaasahan mong gagawin ng inyong teenager o young adult sa hinaharap. Para sa kanila, maaaring ito ay pag-aaral ng isang gawain, o pagpili ng mga damit, ang matutong magpahayag at itakda ang mga personal boundaries. Ang inyong anak ba ay kasalukuyang nangangailangan ng tagapagtaguyod? Kakailanganin ba niya ng tagapagtaguyod sa hinaharap? |
| **Pakikilahok sa Komunidad** | ☐ | Mga interes, libangan, aktibidad at lugar na kinagigiliwan ng iyong teenager o young adult. Mga bagong paraan na gustong paglaanan ng oras ng inyong anak sa komunidad. |
| **Edukasyon/Pagkatuto** | ☐ | Mga hangarin sa paaralan para sa inyong anak. O mga bagong bagay na gustong matutunan ng inyong anak. |
| **Trabaho** | ☐ | Pagkuha ng trabaho o pagpapalit ng trabaho. Ang uri ng suporta na kailangan ng inyong teenager o young adult para makahanap at mapanatili nang isang trabaho. |
| **Pangangalagang Pangkalusugan/ Kagalingan** | ☐ | Mga pagbabago sa mga pangangailangan sa kalusugan o gamot ng inyong anak. Mga bagong doktor o bagong isyu sa kalusugan sa inyong buhay. |
| **Buhay sa Bahay/Pabahay** | ☐ | Mga pagbabago sa mga serbisyo at suporta sa mga pangangailangan ng iyong anak sa tahanan, sa paglipat ng tahanan o gawing mas accessible at ligtas ang inyong tahanan. |

**Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina**

| Bahagi ng Buhay | | Mga Layunin na Maaaring Gusto Ninyong Pag-usapan |
|---|---|---|
| **Kita/Pinansiya** | ☐ | Maaaring gusto ninyong pag-usapan ang tungkol sa mga benepisyo ng inyong teenager o young adult, o kung paano siya maaaring kumita ng pera sa hinaharap, o mag-aral tungkol sa paggastos o pag-iipon ng pera. |
| **Personal/Emosyonal na Pag-unlad** | ☐ | Mga serbisyo at suporta na maaaring kailanganin ng inyong anak para sa kanyang emosyonal na kagalingan at/o kalusugan ng pag-iisip. |
| **Mga relasyon** | ☐ | Suporta na maaaring kailanganin ng inyong anak upang bumuo ng mabuting relasyon sa mga kaibigan, pamilya, at iba pa |
| **Kaligtasan** | ☐ | Mga ideya na mayroon kayo o ang inyong koponan tungkol sa kaligtasan ng inyong anak sa tahanan o sa komunidad. Pagtulong sa inyong teenager o young adult na magsimulang maunawaan ang mga boundaries. |
| **Mga Suporta sa Bahay** | ☐ | Mga pagbabago sa inyong gastusin, pangangailangan, at suporta ng inyong anak sa bahay. |
| **Transportasyon** | ☐ | Mga paraan ng paglilibot ng inyong teenager o young adult sa komunidad ngayon at mga pagbabago sa transportasyon na makakatulong sa kanya na manatiling bahagi ng inyong komunidad. |

**Mga Karagdagang Hangarin na Gusto Ninyong Isama sa IPP ng Inyong Teenager o Young Adult:**

Halos handa na kayo sa inyong pagpupulong! Mayroon pang ilang bagay na dapat pag-isipan at makikita mo ang mga ito sa **Bahagi 2 (Ikalawang Bahagi): Bago ang Inyong IPP Meeting.**

## Pagsuporta sa Inyong Teenager o Young Adult sa Paggawa ng Desisyon

Ang isang mahalagang bahagi ng pagtanda ay ang matutunang magsalita para sa sarili at unti-unting gumawa ng mas mahahalagang desisyon. Mahalagang makasanayan ito para sa pagtataguyod sa sarili sa pagtanda. Gamitin ang sumusunod na tsart bilang gabay sa iyong anak at para sa pagpaplano ng layunin.

| Responsibilidad at kasanayan sa paggawa ng desisyon | Sa anong edad mahalaga ang kasanayang ito para sa aking kabataan? | Paano ito maituturo? Anong suporta ang kailangan? |
|---|---|---|
| **Paglibot sa bayan** | | |
| **Pamamahala ng pera** | | |
| **Pamimili ng mga personal na gamit** | | |
| **Pamumuhay nang mag-isa o may kasamang mga roommate** | | |
| **Pag-unawa sa mga boundaries ng lipunan at relasyon** | | |
| **Pagkakaroon ng at pananatili sa trabaho** | | |
| **Paggawa ng mga mabuting desisyon** | | |

# Programa para sa Indibidwal na Pagpaplano (IPP) at mga Karapatan ng Inyong Teenager o Young Adult

**Magandang ideya na suriin ang iyong mga karapatan bago ang inyong IPP meeting.**

**Kasama sa mga karapatan ng inyong teenager o young adult at pamilya sa proseso ng IPP ang:**

**Sino ang dadalo sa meeting -**

- Mag-imbita ng mga taong gusto ng inyong anak na pumunta sa IPP meeting.
- Isama ang mga taong pinagkakatiwalaan ninyo upang suportahan ang inyong teenager o young adult.
- Isang tagasalin (interpreter) o isang tagapangasiwa (isang tagatulong), kung kailangan nito.

**Paano isinasagawa ang meeting -**

- Matukoy o tawagin sa pangalan at mga panghalip na inyong pinili.
- Mabigyan ng impormasyon sa katutubong wika ng inyong anak at pamilya.

**Ang kalidad ng meeting -**

- Sabihin kung kailan at saan ninyo gustong magpulong.
- Masagot ang lahat ng inyong katanungan o alalahanin sa lalong madaling panahon.
- Pumili ng mga serbisyo at suportang kailangan ng inyong anak para mabuhay at magtrabaho nang mag-isa at hindi palaging umaasa sa iba.
- Pumili ng mga serbisyo at suporta para sa inyong anak sa isang piling komunidad na malaya at walang diskriminasyon.

**Kapag hindi kayo sumasang-ayon sa anumang bahagi ng meeting o plano-**

- Alamin kung ano ang gagawin kapag mayroon kayong hindi nagustuhan sa plano ng inyong anak.
- Huwag sumang-ayon sa anumang pagbabago sa mga serbisyo sa IPP ng inyong anak.



# Bahagi 3 (Ikatlong Bahagi)

## Ang IPP Meeting

## NARITO ANG ILANG BAGAY NA DAPAT GAWIN BAGO ANG INYONG IPP MEETING:

Kung ang iyong anak ay may plano mula noong nakaraang taon, tingnan ito.  Pag-isipan at pag-usapan ang mga bagay na maayos at hindi maayos na nangyari at nagawa.  Tingan ang **Checklist ng mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng Layunin** upang makita kung saklaw nito ang lahat ng gusto ninyong isama sa inyong meeting.  Tiyaking imbitado ang lahat ng gusto ninyong dumalo sa meeting, at ang meeting ay nasa lugar at oras na maginhawa para sa inyong pamilya.  Kung kailangan ninyo ng tagasalin (interpreter), hilingin ito.  Kung mayroong mga tanong tungkol sa mga layunin o suporta na kasalukuyang nakukuha ng iyong anak, isulat ang mga ito.

## NARITO ANG ILANG BAGAY NA DAPAT GAWIN SA IPP MEETING:

- Balikan ang workbook na ito at dalhin ng anumang tala o listahan na mayroon kayo upang matiyak na mapag-usapan ang lahat ng ito.
- Maging positibo dahil ito ay ang inyong meeting at lahat ng naroon ay gustong tumulong sa inyo.
- Hikayatin ang inyong teenager o young adult na magsalita at lumahok sa pagbuo ng kanyang plano.
- Magtanong at maglaan ng oras sa paghinto upang matiyak na nauunawaan ng inyong anak ang pinag-uusapan.
- Isulat ang mga tala o magsama ng taga-sulat.
- Paalalahanan ang mga tao na narito kayo upang bumuo ng isang plano na makakatulong sa inyong anak na matutong gumawa ng higit pang mga bagay para sa kanyang sarili sa bahay, sa paaralan, sa trabaho at sa komunidad.
- Kung hindi kayo sumasang-ayon sa anumang bahagi ng IPP, itanong sa inyong service coordinator ang tungkol sa mga opsyon sa pag-apela.



## Ang Individual Program Plan (IPP) ng Inyong Teenager o Young Adult

Sa mga sumusunod na pahina makikita mo ang mga seksyon ng individual program plan. Ang lahat ng mga regional center sa California ay gagamit ng isang IPP na kabilang ang mga seksyong ito.  Ang IPP ay bubuuin ayon sa pangangailangan ng indibidwal.  Narito ang ilang impormasyong isasama sa IPP ng inyong anak:

- Ano ang nangyayari sa buhay ng inyong teenager o young adult;
- Ang mga natatanging kagalingan, abilidad, talento at skill;
- Ano ang mahalaga sa inyong anak at pamilya;
- Ang mga layunin at hangarin para sa kinabukasan ng inyong anak;
- Isang listahan ng mga serbisyo at suporta na napagkasunduan ninyo ng planning team.

Maaaring maganap ang mga IPP meeting tuwing may pagbabago sa pangangailangan o mga hangarin ng inyong anak.

Ang inyong planning team ay maaaring makontak sa pamamagitan ng inyong service coordinator.

# Mga Seksyon na Makikita Ninyo sa IPP ng Inyong Teenager o Young Adult

**Panimula**
Dito ninyo ibabahagi ang mahahalagang bagay na gusto ninyong malaman ng mga tao tungkol sa inyong anak, kung ano ang kinagigiliwan at hinahangaan ng mga tao sa kanya, at kung ano ang kanyang ipinagmamalaki sa buhay.

**Paano Binuo ang Planong Ito**
Ito ay tungkol lahat sa planning meeting. Saan naganap ang meeting? Sino ang nasa meeting? Ano ang ginawa ng bawat isa sa meeting?

**Layunin Para sa Hinaharap**
Dito ninyo ibinabahagi ang impormasyon tungkol sa pangmaikli at pangmatagalang layunin ng inyong anak. Ang pangmaikling panahon ay nangangahulugang isang bagay na gusto ninyong maganap sa lalong madaling panahon, tulad ng sa isang taon o mas maaga pa. Ang ibig sabihin ng pangmatagalan panahon ay isang bagay sa hinaharap, tulad ng dalawa hanggang dalawampung taon.

**Komunikasyon**
Mahalaga ang paraan kung paano tayo nakikipag-usap. Gusto ninyong maunawaan ng mga tao ang inyong anak. Dito ninyo ibabahagi kung paano gustong makipag-usap ng inyong anak. Ano ang pinakamahusay na paraan para makipag-usap sa inyong anak? Ano ang kailangang malaman ng iba sa pakikipag-usap sa inyong anak? Ang inyong anak ba ay gumagamit ng suporta o device sa pakikipag-usap? Paano ipinapakita ng inyong anak na siya ay nakakaunawa? Pag-isipan ang iba pang mahalagang impormasyon na gusto ninyong ibahagi.

**Ipinagpapatuloy sa susunod na pahina**

Ginamit mo ba ang **Tungkol sa Inyong Teenager o Young Adult** sa workbook na ito upang maghanda para sa iyong pagpupulong? Kung ginamit ninyo, ang impormasyon para sa mga bahaging ito ng inyong IPP ay makikita sa:

- Pagpapahalaga at Pagpaparangal sa Inyong Teenager o Young Adult
- Mahalaga Sa at Mahalaga Para sa Iyong Teenager o Young Adult
- Ano ang Kailangang Malaman ng mga Tao para Pinakamahusay na Masuportahan ang Inyong Teenager o Young Adult?
- Isang Layunin Para sa Hinaharap
- Isang Pahinang Paglalarawan

# Karagdagang Seksyon na Makikita Ninyo sa IPP ng Inyong Teenager o Young Adult

**Paggawa ng Desisyon**
Anong mga desisyon ang ginagawa ninyo para sa inyng teenager o young adult?  Anong mga desisyon ang ginagawa ng inyong anak?  Mayroonpa bang ibang tumutulong sa paggawa ng desisyon para sa kanya?

**Bahagi ng Buhay**
Ito ay isang paraan upang mapag-usapan ang mga hangarin ng inyong anak at anumang mga suportang kailangan para makamit ang mga hangaring iyon.  Ang bawat Bahagi ng Buhay ay tatalakayin ang ninanasang resulta at ang hangarin sa mga pinakamahalagang bahagi ng buhay ng inyong anak.  Magkakaroon din ng impormasyon tungkol sa kailangang gawin upang matulungan na makamit ang hangaring iyon. Maaari ninyong piliing isama ang maraming Bahagi ng Buhay kung gusto ninyo.  Kailangang mayroong kahit isang Bahagi ng Buhay sa IPP.

**Emergency Planning**
Ang bawat isa ay maaaring makaranas ng emergency sa kanilang buhay, at ang pagkakaroon ng nakahandang plano ay makakatulong sa inyong teenager o young adult at sa mga taong nakapaligid sa kanya na malaman kung ano ang gagawin.  Meron ba kayong emergency plan para sa inyong teenager o young adult?  Anong mga hakbang na kailangan upang mapanatiling malusog ang inyong anak at ligtas sa panahon ng emergency?  Sino ang dapat kontakin kapag may isang emergency? Anong mahahalagang bagay ang kailangang malaman at gawin ng mga tao para suportahan ang inyong teenager o young adult sa panahon ng emergency?

Ginamit ba ninyo ang **Tungkol sa Inyong Teenager o Young Adult** sa workbook na ito upang maghanda para sa inyong meeting?  Kung ginamit ninyo, makikita ang impormasyon na ito sa:

- Ang Layunin Para sa Hinaharap
- Mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng Hangarin sa Inyong IPP Meeting
- Mahalaga Sa at Mahalaga Para sa Inyong Teenager o Young Adult
- Ano ang Kailangang Malaman ng mga Tao para Pinakamahusay na Masuportahan ang inyong Teenager o Young Adult?

# Ang Signature Form at ang Kasunduan sa Individual Program Plan ng Inyong Teenager o Young Adult

**Mga Serbisyo at Suporta**
Sa panahon ng IPP meeting, sabihin ninyo and mga hangarin ng inyong teenager o young adult para sa mga bahagi ng kanyang buhay. Sabihin din ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suporta na kailangan niya makamit ang mga layunin na iyon.  Makakahanap kayo ng impormasyon tungkol sa:

- Sino ang magbibigay ng mga serbisyo
- Kailan ito magsisimula at kailan ito matatapos
- Gaano karaming serbisyo ang ipagkakaloob
- Gaano kadalas tatanggap ng serbisyo ang inyong anak
- Sino ang nagbabayad para sa serbisyo

**Kasunduan sa mga Serbisyo**
Sa seksyon na ito, magpapasya kayo kung sang-ayon kayo sa lahat ng serbisyo o sa ilan sa mga ito. Puwede rin kayong magpasya na magkaroon ng karagdagang IPP meeting sa loob ng 15 araw o mas kalaunan upang pag-usapan pa ang tungkol sa mga serbisyo sa inyong anak kung kayo at ang regional center ay hindi magkasundo.  Kung hindi kayo magkasundo ng regional center, puede ninyong hilingin na ipadala sa inyo ang  Abiso ng Aksyon (Notice of Action).  Ito ay isang nakasulat na dokumento na nagpapaliwanag sa desisyon.

Ang Kasunduan sa IPP at ang Signature Form ay kailangang kumpletuhin sa IPP Meeting ng inyong anak.  **Ito ay isang mahalagang form.**

Kapag umalis ang bawat isa sa IPP meeting, dapat ay alam na ninyo:

- Ang mga gustong resulta para sa bawat hangarin sa buhay ng inyong anak.
- Ang mga serbisyo at suporta upang makatulong sa inyong anak na makamit ang mga hangaring ito.
- Ang mga serbisyong sinang-ayunan ninyo o hindi ninyo sinang-ayunan.
- Kung gaano kadalas kayong magkakaroon ng IPP meeting.
- Kung anong mga pangangailangan ang maaaring magkaroon ang inyong anak sa hinaharap.
- Kung paano kayo makakakuha ng kopya ng IPP ng inyong anak.
- Mga programa at serbisyo na available sa inyong anak.
- Kung paano magsampa ng reklamo o isumbong ang isang tao dahil sa paglabag sa batas.

**Mga Pagkilala**
Ang seksyon na ito ay nagpapakita na ang service coordinator ng inyong teenager o vyoung adult ay nagbigay sa inyo ng impormasyon sa panahon ng inyong IPP meeting.  Dapat ay makipag-usap siya sa inyo tungkol sa:

- Mga serbisyo at suporta na natanggap ng inyong teenager o young adult noong nakaraang taon.
- Ano ang maaaring kailanganin ninyo sa hinaharap.
- Gaano kadalas magaganap ang IPP meeting ng inyong anak.
- Paano ninyo gustong makuha ang kopya ng IPP ng inyong anak.
- Mga programang nag-aalok ng mas maraming pagpipilian tungkol sa kung sino ang nagbibigay ng mga serbisyo at kung paano ibinibigay ang mga ito.
- Paano magsampa ng reklamo o isumbong ang isang tao dahil sa paglabag sa batas.
- Impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng trabaho ng inyong anak
- Paano magparehistro para bumoto
- Kung ang inyong teenager o young adult ay nangangailangan ng plano para maging mas malaya sa paglalakbay sa mga lugar na gusto niya.

**Mga Pirma**
Ang IPP ay dapat pirmahan ng magulang, legal na kinatawan o isang conservator, kung ang iyong anak ay wala pang 18 taong gulang.  Kung ang inyong anak ay 18 taong gulang o higit pa, dapat niyang pirmahan ang IPP. Kailangan ding pirmahan ito ng inyong service coordinator. Ang pagprima sa pahinang ito ay nagpapatunay na sumasang-ayon kayo sa mga ideya at aksyon sa IPP.

**IPP Survey**

Matapos makumpleto ang IPP ng inyong anak, magkakaroon kayo ng pagkakataon na sabihin sa amin ang anumang bagay tungkol sa inyong meeting.

Nasa inyo ang desisyon sa pagsagot ng survey na ito.

Hindi namin hinihingi ang inyong pangalan sa survey kaya puwede kayong maging prangka at tuwirang sumagot.

Maaari ninyong sagutin ang survey sa inyong phone o computer.  Maaari rin kaming magpadala ng survey form sa mail.



# Bahagi 4 (Ikaapat na Bahagi)

## Pagkatapos ng Inyong Planning Meeting

# Paano Masasabi kung Naging Maayos ang Planning Meeting ng Inyong Teenager o Young Adult

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| Nasa meeting ba ang lahat ng tao na gusto ninyong dumalo? | ☐ | ☐ |
| Handa ba ang bawat isa na rebyuhin ang workbook na ito at ang iyong mga tala? | ☐ | ☐ |
| Tumulong ba ang inyong pamilya at anak sa pagpasya kung ano ang nakasulat sa plano? | ☐ | ☐ |
| Nakakuha ba kayon ng impormasyon tungkol sa mga uri ng serbisyo na kailangan ninyo upang suportahan ang inyong anak? | ☐ | ☐ |
| Nagkaroon ba kayo ng pagkakataon na itanong ang lahat ng gusto ninyo? | ☐ | ☐ |
| Nasagot ba ang lahat ng tanong ninyo? | ☐ | ☐ |
| Ang mga hangarin ba at ang mga resulta sa plano ng inyong anank ay ang mga nais ninyo? | ☐ | ☐ |

**Ano ang pinakamagandang bahagi ng pagpupulong?**

**Ano kaya ang bahagi na mas mahusay pa?**

Kung mas maraming sagot na "hindi" sa mga tanong na ito, basahin ang pahina tungkol sa **Mga Tip sa Kung Ano ang Magagawa Ninyo Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Anak**.

# Ang Ikaanim na Buwan na Check-Up

Tuwing ikaanim na buwan, tingnan ang workbook na ito upang makita kung ang mga bagay-bagay ay ayon sa pagkakasulat sa IPP ng inyong anak.

Ang inyo bang teeanger o young adult ay:

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| Nagsisikap sa mga hangarin sa kanyang IPP? | ☐ | ☐ |
| Nakakatanggap ba siya ng suportang kailangan niya upang mabuhay, magtrabaho at maging aktibo sa kanyang napiling komunidad? | ☐ | ☐ |
| Sumasali ba siya sa panlipunan o panglibangang aktibidad na hiniling niya? | ☐ | ☐ |
| Nakakasama ba niya nang madalas at hangga't gusto niya ang kanyang mga kaibigan at kamag-anak? | ☐ | ☐ |

**Ano pa ang mas mahusay?**

Kung mas maraming sagot na "hindi" sa mga tanong na ito, basahin ang pahina tungkol sa **Mga Tip sa Kung Ano ang Magagawa Mo Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Anak**.

## Paano Kung Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Teenager o Young Adult?

Kung ang alinman sa mga ito ay nagaganap sa panahon o pagkatapos ng inyong miting, tingnan ang susunod na pahina para sa **Mga Tip sa Kung Ano ang Gagawin Mo Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay.**

**Sino ang dadalo sa miting**

- Ang mga taong gusto ng inyong teenager o young adult at ng inyong pamilya na nasa miting ay wala roon.
- Ang inyong anak at pamilya ay nangailangan ng isang interpreter, at hindi ito ibinigay.

**Ang kalidad ng miting**

- Hindi tinalakay ng team ang inyong mga ideya mula sa workbook na ito.
- Hindi ang inyong anak at pamilya ang gumawa ng pinal na mga pasya sa mga nakasulat sa plano ng iyong anak.
- Ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suporta ay hindi ibinigay sa anak at pamilya.
- Hindi nasagot ang mga tanong ng inyong kabataan at pamilya.
- Hindi nirespeto o iginalang ng planning team ang mga gusto ng inyong anak.

**Ang kalidad ng plano**

- Walang petsa para sa pagkumpleto sa mga hangarin ng inyong anak.
- Hindi nakukuha ng inyong anak at pamilya ang kailangang suporta upang ma-update ang plano ng inyong anak habang nagbabago ang buhay.

**Kapag hindi kayo sumasang-ayon sa isang parte ng miting o plano**

- Ang mga hangarin at resulta sa plano ng inyong anak ay hindi ang gusto ng inyong anak at pamilya.

# Mga Tip sa Kung Ano ang Gagawin Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Teenager o Young Adult

**Minsan ay maaaring magbago ang mga bagay-bagay sa buhay ng inyong teenager o young adult at hindi na katugma ng kanyang IPP. Sa ibang pagkakataon, ang IPP service ay hindi nagaganap ayon sa nakasulat sa plano. Mahalagang makipag-usap sa inyong service coordinator tungkol sa mga bagay na hindi nagaganap sa plano ng inyong anak**. Kung kailangan ninyong baguhin ang plano sa serbisyo ayon sa pangangailangan ng inyong teenager o young adult, hilingin sa coordinator na magdaos ng miting. Kapag humiling kayo ng miting sa regional center, makipag-usap nang prangka sa kanila tungkol sa mga pagbabagong kailangan ninyo. Sa paraang ito, ang service coordinator ay makapaghanda sa miting upang makatulong sa inyo na malaman ang mas mabuting paraan upang maibigay ang mga serbisyo at suporta na kailangan ng inyong anak.

**At, tandaan:**

- Kung gusto ninyo, maaari kayong magsama ng kaibigan, tagapagtaguyod, o isang taong nakakakilala at sumusuporta sa inyong anak.
- Tiyaking nauunawaan ninyo ang sinasabi ng lahat, kahit na hindi kayo nagsasalita ng Ingles. Ang regional center ay magkakaroon ng interpreter kung kailangan ninyo.
- Sa katapusan ng miting, magbibigay ang regional center ng listahan ng mga serbisyong ibibigay nila. Kung hindi kayo sang-ayon sa listahan, maaari ninyong iapela ang plano.
- Maaari rin kayong magsampa ng reklamo sa Department of Developmental Services kung ang mga bagay-bagay ay hindi naganap o nagtagumpay.

**Tandaan:** Ang mga tip na ito ay pinaikli at iniangkop para sa espasyo mula sa *Disability Rights California*.

## Karagdagang mga Tip sa Kung Ano ang Gagawin Kung Hindi Nagaganap Ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Teenager o Young Adult

**Bilang karagdagan, maaari mo ring:**

- **Tulungan ang iyong service coordinator na makilala ang inyong teenager o young adult at ang inyong pamilya.** Makipag-usap sa inyong service coordinator para matulungan ninyo siyang makilala ang inyong anaknat pamilya. Sabihin sa inyong service coordinator kung paano ninyo gustong makontak – sa pamamagitan ng email, telepono, o text. Itabi o itago ang numero ng telepono at email ng inyong service coordinator sa isang ligtas na lugar. Hingin din ang pangalan, numero ng telepono, at email ng kanilang superbisor.

- **Pagkatapos ng IPP meeting, gamitin ang workbook na ito o ang iba pang tool sa pagpaplano upang isulat ang anumang mga pagbabago sa mga gusto at hindi gusto ng inyong anak para sa hinaharap.** Makakatulong ito sa inyong service coordinator na malaman kung anong mga serbisyo at suporta ang maaaring kailanganin ng inyong anak.

- **Itabi sa isang lugar ang lahat ng inyong mga papeles mula sa regional center**. Ilagay sa isang folder o binder ang inyong mga papeles mula sa regional center o gumawa ng isang folder sa inyong computer.

**Tandaan:** Ang mga tip na ito ay pinaikli at iniangkop para sa espasyo mula sa *Disability Rights California*.

## MGA TALA: Mga Resources para sa Plano ng Inyong Teenager or Young Adult

Ang gabay na ito ay batay sa mga elemento mula sa **It's My Choice**, **Listen to Me**, **Your Personal Passport**, **More Than a Meeting: A Pocket Guide to a Person-Centered Individual Program Plan**, **Essential Lifestyle Plans, Families Planning Together, Pacer Center,** at **Helen Sanderson and Associates.**

# Mga Halimbawa ng Iba Pang Mga Tool sa Pagpaplano

Narito ang ilang halimbawa ng mga tool sa pagpaplano na magagamit upang makapaghanda sa miting para sa inyong teenager o young adult. Kahit maaaring may kaibahan sa isa't isa ang mga ito, ang layunin ng lahat ay suportahan kayo sa pagbuo ng isang plano na may mga hangaring batay sa inyong mga desisyon, kagustuhan, at paglahok sa komunidad. Itanong sa inyong service coordinator ang mga local resource sa pagpaplano ayon sa pangangailangan ng inyong anak o sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa internet.

- **Mga Sumusuporta at mga Kaibigan**- Mga grupo ng mga tao na iyong iniimbitahan upang magbigay sa inyo ng suporta at tulungan kayong magplano para sa kinabukasan.
- **LifeCourse** - Nilikha upang makatulolong sa mga indibidwal at pamilya na bumuo ng layunin para sa magandang buhay at tukuyin o buuin ng mga suporta na kailangan upang mamuhay sa buhay na iyon.
- **MAPS at PATH** - Mga tool sa pagpaplano na dinisenyo upang matukoy ang mga aksyon na magagawa upang makamit ang mga ninanais na hinaharap.
- **Pag-iisip at Pagpaplano na Nakasentro sa Tao** – Tutulong sa mga indibidwal na matukoy ang mga kagalingan, hangarin, at pangangailangang pangkalusugan para sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad, at mga ninanais na resulta.

# Iba pang mga resource mula sa Department of Developmental Services (DDS)

**Mga Serbisyo at Paglalarawan ng Regional Center**: Karagdagang impormasyon tungkol sa regional centers at ang mga serbisyong ibinibigay nila na nakasulat sa iba't ibang wika.

**Hanapin ang Iyong Regional Center**: Kung hindi kayo sigurado kung saang regional center kayo dapat kumontak, makikita ninyo ito dito.

**Tanggapan ng Ombudsperson**: Tutulong sa inyo at sa inyong pamilya na ma-access ang mga serbisyo ng regional center na maaaring mapakinabangan sa ilalim ng Lanterman Act.

**Impormasyon para sa mga Indibidwal at Pamilya**: Para sa mga pamilya, kaibigan at tagapagtaguyod na tumutulong sa inyo na mamuhay ng maayos.

**Programang Self-Determination (Pagpapasya ng Sarili)**: Nagbibigay sa mga indibdwal at kanilang mga pamilya ng higit na kalayaan, kontrol, at responsibilidad sa mga indibidwal sa pagpili ng mga serbisyo at suporta.

**Paghahanda sa Emergency**: Ang pagpaplano ay nakakatulong sa mga indibidwal at pamilya na maging handa para sa lahat ng uri ng sakuna.

**Mga Apela & Mga reklamo**: Mga paraan upang lutasin ang mga problema at pag-aalala kung hindi nagaganap ang mga bagay-bagay.



# Ang Plano para sa Inyong Teenager o Young Adult

## Suporta para sa Pagbuo ng Individual Program Plan (IPP) ng Inyong Anak (Edad na 14-22) Ayon sa Kanyang Pangangailangan


DDS Department of Developmental Services

1215 O Street, Sacramento, CA 95814
https://www.dds.ca.gov